# Lucas 17 Mga Detalye at Aktibidad na Paglalarawan sa Isipan

MANWAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

**Basahing mabuti ang Lucas 17:11–14 at bigyang-pansin ang mga detalye.**

Pagkatapos magbasa, subukang sagutin ang sumusunod na limang tanong sa abot ng iyong makakaya nang hindi ginagamit ang mga banal na kasulatan.

1. Gaano kalapit ang mga ketongin sa Tagapagligtas?
2. Ano ang hiniling ng mga ketongin sa Tagapagligtas?
3. Ano ang sinabi sa kanila ng Tagapagligtas?
4. Ilan sa mga ketongin ang may pananampalatayang gawin ang iniutos ng Tagapagligtas?
5. Ano ang ginagawa ng mga ketongin nang sila ay gumaling?

**Ilarawan sa isipan ang nabasa mo.**

Kunwari ay isa ka sa mga ketongin na nalinis.

- Ano kaya ang pakiramdam na gumaling ka sa ketong? Ano kaya ang naramdaman mo?
- Sa iyong palagay, bakit nangyari ang paggaling sa salaysay na ito "habang sila'y umaalis"? (talata 14).
- Ano sa palagay mo ang gagawin mo kapag napagtanto mo na pinagaling ka ng Tagapagligtas?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 ng Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *Luke 17 Details and Visualizing Activity.*
Tagalog. PD60012661 893. Inilimbag sa Pilipinas.